

NEW MUSLIM
ACADEMY
PHILIPPINES

# Mga Kahalagahan ng QUR'AN

/NewMuslimPH
/NewMuslimPH
/NewMuslimPH

Ang pagbabasa ng Qur'an, kaalaman, pagkabisado, pag-unawa at pag-aaral nito, pagmumuni-muni at pagsalamin dito, pagkilos ayon sa mga katuruan at pag-aanyaya tungo dito, lahat ay kabanalan at gawaing kapaki-pakinabang sa Islam. Ang Qur'an ay salita ng Allah at komukasyon o pakikipag-usap sa sangkatauhan, at ang tulad nito, ay isang bagay na dapat maging isang mahalagang bahagi ng ating mga buhay. Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), "Ang pinakamabuti sa inyo ay ang mga nag-aral ng Qur'an at itinuro ito."



Para sa karamihan sa atin, na ang wikang Arabe ay hindi ang pangunahing wika, ay maaari tayong mahirapan sa pagbabasa ng Qur'an. Maaari itong mauwi sa pagkabigo o mas malala, kawalan ng pag-asa at pagsuko. Gayunpaman, ipinabatid sa atin ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) na ang ating pagsisikap at panahon na ginugol sa pagtatangkang bigkasin ng tama ang Qur'an ay hindi nasayang. Kanyang Sinabi, "Ang mahusay na mambabasa ng Qur'an ay makakasama ng mga banal na Anghel. At para naman sa mga nagbabasa at nauutal dahil sa nahihirapan, sila ay magkakamit ng dobleng gantimpala." Ang pagsasalaysay na ito ay hindi lamang nagsasabi sa atin ng tungkol sa gantimpala ng mga mag-aaral ng Qur'an, hinihikayat rin tayo na naisin na maging mahusay na mga mambabasa ng Qur'an.





Sa ibang pagtuturo, ay sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), "Basahin ang Qur'an, dahil ito ay darating at mamamagitan sa mga mambabasa nito sa Araw ng Paghuhukom. Basahin ang mga kabanatang "Ang Baka" at ang "Pamilya ni Imran" [kabanata 2 - 3] sapagka't sila ay darating na parang mga ulap o isang kawan ng mga ibon sa Araw ng Paghuhukom, mamamagitan sa ngalan ng kanilang mga pinuno." Bawat letra na binabasa sa Qur'an ay may katumbas na sampung gantimpala. Samakatuwid sa tuwing magbabasa ka, kahit na ang pinaka-maikling kabanata ng Qur'an, ito ay labis na ginagantimpalaan. Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah),

"Sinumang magbasa ng isang salita sa Qur'an ay magkakamit ng sampung gantimpala. Hindi ko sinabi na ang 'Alif lam meem' ay isang salita.

Sa halip, ang 'alif' ay isang salita, ang 'Lam' ay isang salita at ang 'Meem' ay isang salita. Kaya't kung iyong bibilangin ang mga salita sa unang kabanata ng Qur'an lamang, na kung saan may dalawampu't lima (25), at pagkatapos ay multiplikahin sa sampu (10), magkakaroon ng dalawang daan at limampung mabubuting gawa mula sa pagbigkas lamang ng  kabanatang ito.





Bawat kabanata sa Qur'an na iyong makabisado ay isasalin sa isang mataas na antas ng Paraiso. Ito lamang ay isang kamangha-manghang gantimpala. Kahit na ang pagsasa-ulo ay maaaring maging mahirap sa simula, ang pag-aaral at pagsasanay kasama ng madalas na pag-uulit ang gawaing ito ay maaaring gawing higit na madali. Sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), "Ang isang tao na kinakabisado ang Qur'an ay sasabihang umakyat sa isang antas ng Paraiso sa bawat kabanata na kanilang nakabisado. Ang kanilang huling antas ay ang huling kabanata na kanilang nakabisado."

Ang Islam ay nakabatay sa Qur'an, kaagapay nito ang mga katuruan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah). Sinabi sa atin ni Propeta Muhammad (SAW) na ang Qur'an ang lubid na ibinaba sa atin mula sa mga kalangitan. Halos ginugol niya ang kanyang buong buhay sa pagtuturo at pagpapaliwanag sa Qur'an. Hinikayat niya ang kanyang mga kasamahan na matuto ng Qur'an at ituro ito sa iba. Kaya ang Qur'an ay pinag-aralan at itinuro, na ipinasa mula sa mga henerasyon hanggang sa sumunod na henerasyon sa ganitong paraan. Dahil dito, sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) na ang mga tao ng Qur'an ay mga espesyal o natatanging tao ng Allah.



Tinuruan tayo ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) na parangalan at igalang ang mga tao ng Qur'an. Itinagubilin niya na ang isang tao na namumuno sa pang-araw-araw na ritwal na mga pagdarasal sa kongregasyon ay dapat na pinakadalubhasa sa Qur'an. Sinabi pa niya, "Ito ay mula sa pagluwalhati sa Allah na parangalan o bigyan ng labis na paggalang ang isang tao na nagsaulo ng Qur'an."





Ang pagbabasa, paghahanap ng kaalaman at pag-aaral ng Qur'an ay napakahalaga sa lahat ng mga Muslim. Dahil mula sa Qur'an ay matututunan natin kung sino ang Allah at kung ano ang nais ng Allah at kung ano ang makasisiya sa Kanya. Ang Qur'an ang pundasyon sa pag-aaral ng Islam. Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay nagbigay ng kathang may aral sa isang natuto mula sa patnubay ng Qur'an at ni Propeta Muhammad (SAW) at sa hindi.
Kanyang sinabi, "Ang halimbawa ng patnubay at kaalaman na ipinadala sa akin ng Allah ay tulad ng halimbawa ng malakas na ulan. Ang ulan ay tumatama sa lupa, ang ilan dito ay mabuti at matabang lupa na tinatanggap ang ulan at kaya namumunga ng halaman at pagkain. Ang ibang mga bahagi ng lupa ay nakaimbak ang tubig sa ibabaw, nang sa gayon ay pahintulutan ang iba na uminom at makinabang. Gayunpaman ang ibang mga bahagi ng lupa ay tigang,

hindi nakakapag-imbak ng tubig o nagbibigay ng halaman. Ito ang halimbawa ng nag-aral ng relihiyon ng Allah at nagtuturo sa iba, at ang halimbawa ng hindi pumapansin at hindi tumatanggap sa patnubay na ito."



Samakatuwid, maglaan ng oras para sa pag-aaral ng Qur'an, pagsasanay sa pagbabasa nito, pagsasaulo, pag-unawa at pag-aaral nito, nagmumuni-muni at sumasalamin dito, ang lahat ay kapaki-pakinabang na hangarin at mga banal na gawain. Bawat araw, dapat maglaan tayo ng oras sa pagbabasa ng Qur'an, isa-isip ang lahat ng mga kabutihan at mga gantimpala na binanggit sa itaas.